

Buod sa Simpleng Wika ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Lucile Packard Children's Hospital

Paghingi ng Tulong sa Iyong Bill

Para ito sa kahit sinong nakakatanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa Lucile Packard Children's Hospital Stanford ("LPCH").

Ang Buod sa Simpleng Wika at Patakaran sa Pinansyal na Tulong para sa paghingi ng tulong sa iyong bill ay makukuha sa Ingles, Spanish, Chinese, Vietnamese at Tagalog. Tutulungan ka rin namin sa pagsasalin sa iba pang wika.

Paano Ako Magiging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong?

Nakatuon ang LPCH sa pagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyenteng mababa ang kita at pasyenteng may insurance na hinihiling sa pasyente na bayaran ang malaking bahagi ng kanilang pangangalaga.

Maaari kang humingi ng tulong sa iyong bill anumang oras sa iyong pagpapatingin o proseso ng pagsingil. Sa proseso ng aplikasyon, hihilingin sa iyong magbigay ng impormasyon tungkol sa bilang ng mga tao sa iyong pamilya, iyong buwanang kita, at iba pang impormasyong makakatulong sa ospital na tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong. Maaaring hilingin sa iyong magbigay ng pay stub o tax records para matulungan ang LPCH sa pag-verify ng iyong kita.

Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa sa o katumbas ng 400% ng kasalukuyang Federal Poverty Guideline, maaaring hindi mo kailangang bayaran ang bill mo. Responsibilidad mong ibigay kaagad ang kinakailangang impormasyon.

Makikita ang Mga Federal Poverty Guideline sa: <https://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>

Maaaring kwalipikado ka para sa tulong sa kabuuan o sa isang porsyon ng iyong bill. Pagkatapos mong isumite ang aplikasyon, susuriin ng ospital ang impormasyon at aabisuhan ka nito sa pamamagitan ng sulat tungkol sa iyong pagiging kwalipikado.

Paano Ako Mag-a-apply para sa Pinansyal na Tulong?

Para makakuha ng libreng kopya ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong ng LPCH, Patakaran sa Pinansyal na Tulong, o ng Buod sa Simpleng Wika na ito, mangyaring pumunta sa:

<http://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/financial-assistance-english>

at buksan ang mga link para ma-access ang bawat isa sa mga aplikasyon, patakaran o buod na nakalista sa itaas sa wikang gusto mo.

Maaari kang mag-apply para sa tulong sa iyong bill sa personal, sa pamamagitan ng mail, o online. Maaari kang humiling ng tulong sa proseso ng aplikasyon at kumuha o humiling ng

aplikasyong ipinapadala sa mail, buod sa simpleng wika, at/o kopya ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-800-308-3285 o pagbisita sa amin sa Stanford Children's Health Business Office na matatagpuan sa 4700 Bohannon Drive Menlo Park, CA.

Mga Papeles

Responsibilidad mong ibigay kaagad ang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, kita, mga asset, at anupamang papeles na makakatulong na alamin kung kwalipikado ka. Ang mga papeles ay maaaring mga bank statement, income tax form, check stub, o iba pang impormasyon.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga

Kung kwalipikado ka para sa tulong sa iyong bill, ang sisingilin sa iyo para sa medikal na kinakailangang pangangalaga ay hindi lalampas sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance sa Medicare.

Mga Aktibidad sa Paniningil

Ang mga pasyente ay maaaring mag-apply para sa tulong sa kanilang bill anumang oras sa proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Customer Service Department sa 1-800-308-3285.

Maaaring magsagawa ang LPCH ng mga makatwirang pagsisikap sa paniningil upang makakuha ng bayad mula sa mga pasyente. Maaaring kabilang sa mga karaniwang aktibidad sa paniningil ang pagbibigay ng mga statement para sa pasyente, mga tawag sa telepono, at referral ng mga statement na ipinadala sa pasyente o guarantor. Ang mga bill na hindi mababayaran 120 araw pagkalipas ng unang petsa ng pagsingil ay maaaring ipasa sa isang collection agency. Ang LPCH o mga collection agency ay hindi magsasagawa ng anumang extraordinary collection action (gaya ng tinukoy ng Patakaran sa Paniningil ng Utang ng LPCH).

Maaaring makakuha ng mga kopya ng Patakaran sa Paniningil ng Utang ng SCH nang libre sa website para sa pinansyal na tulong ng Stanford Children's Health sa <http://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/financial-assistance-english> at buksan ang link para ma-access ang patakaran sa wikang gusto mo, o sa pamamagitan ng paghiling ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-308-3285 o pagbisita sa amin sa SCH Business Office - 4700 Bohannon Drive Menlo Park, CA.